ANG Mahalagang Lima (The Big Five)

Pakete ng Komunidad • 2021-22

Agarang Aksyon na Pagtugon sa Emerhensiya para sa mga Paaralan

Koalisyon para sa Ligtas na mga Paaralan at Komunidad

SAN MATEO COUNTY OFFICE OF EDUCATION

KOMITE NG PAMAMAHALA

KOMITE NG PAMAMAHALA NG KOALISYON PARA SA LIGTAS NA MGA PAARALAN AT KOMUNIDAD

AHENSYA/DISTRITO	KINATAWAN	POSISYON/TITULO
Hepe ng Pulis at Asosasyon ng Serip	Ed Barberini	Hepe, Kagawaran ng Pulisya ng San Mateo
Pinagsama-samang Sunog ng San Mateo	Bill Euchner	Hepe ng Batalyon
Kalusugan ng Pag-uuagali at Mga Serbisyo ng Pagbawi ng San Mateo County	Ziomara Ochoa	Kinatawan ng Direktor
Lupon ng mga Superbisor ng San Mateo County	Lena Silberman	Tulong na Pambatasan, Don Horsley
Lupon ng mga Superbisor ng San Mateo County	Ann Keighran	Tulong na Pambatasan, David Canepa
Kolehiyo ng Komunidad ng Distrito ng San Mateo County	Brian Tupper	Kapitan, Ligtas na Publiko
Tagapayo ng San Mateo County	Claire Cunningham	Kinatawan ng Hepe ng Tagapayo ng Lalawigan
Ahensya ng Serbisyo sa Tao ng San Mateo County	John Fong	Direktor, Serbisyo para sa mga Bata at Pamilya
Ahensya ng Serbisyo sa Tao ng San Mateo County	Trisha Howard	Tagapamahala ng Pagtugon sa Emerhensiya
Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County	Nancy Magee	Tagapamahala ng Lalawigan
Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County	Jeneé Littrell	Kinatawan ng Tagapamahala, Serbisyong Pang-Edukasyon
Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County	Mary McGrath	Ehekutibong Direktor, Safe and Supportive Schools
Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County	Patricia Love	Ehekutibong Direktor, Estratehiya at Komunikasyon
Opisina ng Edukasyon ng San Mateo County	Molly Henricks	Tagapagugnay, Ligtas at Maingat na Paaralan
Probasyon ng San Mateo County	Michelle Kozul	Direktor, Sangay ng Pangkabataan
Grupo ng Seguro ng mga Paaralan ng San Mateo County	Tom Ledda	Sinyor na Analista ng Pagkawala ng Kontrol
San Mateo County Serip	Scott Grosso	Sarhento
Asosasyon ng mga Tagapamahala ng San Mateo County	Beth Polito	Tagapamahala, Las Lomitas Elementary School District
SMUHSD, 9-12 Serbisyo ng mga Distrito ng Paaralan	Don Scatena	Direktor ng Serbisyong Pang Mag-aaral
SMUHSD, 9-12 Serbisyo ng mga Distrito ng Paaralan	Jarrett Dooley	Direktor ng Serbisyong Pang Mag-aaral

PAUNANG SALITA

County, mahalagang magbahagi ng isang karaniwang wika at pag-unawa sa mga protokol ng agarang pagtugon sa oras ng emerhensiya sa ating mga paaralan at komunidad. Ang Mahalagang Lima na protokol ng San Mateo County ay nagbibigay ng pag-unawa at naging pundasyon ng pagtugon sa emerhensiya para sa 90,000+ na mag-aaral sa publiko at pribadong paaralan.

Ibinuo noong 2014 pagkatapos ang isang taon na proseso na pakikipagugnay sa mga kasapi na kinasasangkutan ng mga dalubhasa mula sa edukasyon, nagpapatupad ng batas, sunog, kalusugan ng publiko, gobyerno, at ang pamayanan sa kabuuan, ang Mahalagang Lima ay nagbibigay ng limang agarang aksyon na pagtugon para sa kahit na anong emerhensiya. Kasama dito ang Sumilong sa Loob; Dumapa, Magtakip, at Kumapit; Iseguro ang Kampus; Magkandado/Barikada; at Paglikas.

Ang Mahalagang Lima ay sumasailalim ng patuloy na pagsusuri ng Komite ng Pamamahala ng Koalisyon para sa Ligtas na mga Paaralan at Komunidad. Ang Komite ng Pamamahala ay hindi lamang nagtitipon kada buwan, sinusuri din nila ang mga hamon na dumarating at gumagawa ng mga rekomendasyon.

Ang mga pinakamahusay na kasanayan para sa mga ligtas na kondisyon ng mga paaralan sa loob ng konteksto ng COVID-19 ay hinabi sa edisyon na ito ng 2021-2022 Mahalagang Lima upang masiguro ang kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani sa panahon ng mga drils at iba pang emerhensiya na pamamaraan. Gayunpaman, dapat unahin ng mga paaralan ang kaligtasan sa panahon ng emerhensiya.

Bilang karagdagan sa Mahalagang Lima, kasama na ngayon sa portpolyo ng Koalisyon para sa Ligtas na mga Paaralan at Komunidad ang mga sumusunod na protokol: ***Pagsusuri ng Banta sa Mag-aaral***, ***Gabay ng Pag-iwas sa Pagpapatiwakal***, ***Protokol ng Sekswal na Pang-aabuso ng Bata***, and ***CSEC at Protokol para sa mga Guro ukol sa Ilegal na Pangangal-akal ng Tao***.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa maraming tapat na kasosyo, ang Koalisyon para sa Ligtas na mga Paaralan at Komunidad ay patuloy na ginagampanan ang pangitain na lumikha at panatilihing ligtas at positibo ang kapaligiran ng paaralan at komunidad upang lahat ng kabataan sa bayan ay maaaring umunlad at magtagumpay.

TALAAN NG NILALAMAN

TALAAN NG NILALAMAN

KOALISYON PARA SA LIGTAS NA MGA PAARALAN AT KOMUNIDAD NG SAN MATEO COUNTY: KOMITE NG PAMAMAHALA ii

PAUNANG SALITA iii

MANGGAGAWA NG SERBISYONG PANGKALAMIDAD 1

PAGTAWAG SA 911 2

MAG-ISIP NG MABILIS 4

AGARANG AKSYON NG PAGTUGON – ANG MAHALAGANG LIMA 5

- SUMILONG SA LOOB 6
- DUMAPA, MAGTAKIP, AT KUMAPIT 7
- ISIGURO ANG KAMPUS 8
- MAGKANDADO / BARIKADA 9
- PAGLIKAS 13

MANGGAGAWA NG SERBISYONG PANGKALAMIDAD

Alintuntunin ng Pamahalaan ng California, Bahagi 3100, Titulo 1, Sangay 4, Kabanata 4 ay nagsasaad na lahat ng pampublikong kawani ay Manggagawa ng Serbisyong Pangkalamidad at kasama sa lahat ng serbisyong pangkalamidad na aktibidad. Ang kasama sa terminong "pampublikong kawani" ay ang lahat ng nagta-trabaho sa estado, bayan, at lungsod, ahensya ng estado o pampublikong distrito. Ang batas na ito ay angkop sa sumusunod na kaso:

- Kung may pahayag na lokal na emerhensiya
- Kung may pahayag na emerhensiya sa estado
- Kung may deklarasyon na pederal na kalamidad

ANO ANG GAWAIN NG MANGGAGAWA NG SERBISYONG PANGKALAMIDAD?

- Ang pampublikong kawani na naglilingkod sa tungkulin na Manggagawa ng Serbisyong Pangakalamidad ay maaaring hilingin na gumawa ng mga trabaho maliban sa kanilang karaniwang tungkulin sa panahon na maaaring lumagpas sa normal na oras ng trabaho
- Ang iskedyul ng mga kawani ay maaaring halinhinan at hilingin na bumalik sa lugar ng trabaho sa oras na lagpas sa normal na araw ng pagta-trabaho
- Ang mga Manggagawa ng Serbisyong Pangkalamidad ay maaaring italaga sa Sistema ng Pamamahala ng Insidente at maaaring magsagawa ng iba't ibang tungkulin katulad ng pangangasiwa ng kanlungan, komunikasyon, logistik, pangunang lunas at kaginhawahan, o suporta sa komunidad at kaligtasan
- Kung kinakailangan na magbigay ng serbisyong pangkalamidad, ang Kompensasyon Pang-Manggagawa ng kawani ay magiging responsibilidad ng gobyerno ng estado (OES), ngunit ang employer ang magbabayad ng obertaym. Ang mga sitwasyong ito ay nalalapat lamang kapag may lokal o estado na emerhensiya na idineklara.

Upang makapagbigay ng mabisang suporta bilang isang Manggagawa ng Serbisyong Pangkalamidad, ang mga empleyado ay dapat na magkaroon ng kumpiyansa na ang kanilang pamilya ay handang harapin ang emerhensiya sa kanilang kawalan. Ang oras at lakas na itinalaga ng isang miyembro ng kawani na maging handa sa bahay ay magbibigay ng pinakamahusay na katiyakan na sila ay may kakayahang harapin ang sitwasyon ng emerhensiya sa paaralan/lugar ng trabaho.

PAGTAWAG SA 911

Ang pagtugon ay ang proseso ng pagpapatupad ng mga naaangkop na aksyon habang ang isang sitwasyon ng emerhensiya ay nalalahad. Sa yugtong ito, gagamitin ng mga paaralan ang kinakailangan na mapagkukunan ng tulong upang tugunan ang emerhensiyang kanilang hinaharap. Maaaring kasama dito ang pagtawag o pagte-text sa 911.

Kapag tatawag sa 911, maging handa na manatili sa telepono at sumagot ng tiyak sa mga katanungan. Upang makumpleto ang isang tumpak na pagsusuri ng sitwasyon, ang 911 Dispatser ay dapat na makakuha ng maraming impormasyon, hangga't maaari, upang maibigay ang pinakamahusay na impormasyon sa mga tutugon sa emerhensiya at makapagbigay ng naaangkop na antas ng pagtugon na medikal.

KAPAG MAG-UULAT NG EMERHENSIYA:

- Manatiling kalmado at magsalita ng marahan at malinaw
- Maging handa na ibigay ang pangalan, lokasyon ng insidente, at lokasyon ng tumatawag, kung naiiba sa pinangyarihan ng emerhensiya
- Bagaman ang impormasyon sa caller ID ay maaaring ilipat agad sa 911 Dispatser, hindi ito magagamit sa lahat ng lokasyon. Ang 911 Dispatser ay kukumpirmahin at ibeberika ang numero ng telepono at address sa bawat tawag na natatanggap
- Sagutin lahat ng tinatanong ng 911 Dispatser, maging ang mga mukhang paulit-ulit
- Huwag ibaba ang telepono hanggang sabihin ng Dispatser na gawin ito

PAGTAWAG SA 911 GAMIT ANG CELL PHONE:

- Ang mga tawag sa 911 mula sa cell phone ay madalas na ipinapadala sa 911 call center batay sa saklaw ng radio cell. Ang sakop na lugar ng radio cell ay hindi palaging tumutugma sa mga hangganan ng lungsod.
- Alamin ang numero ng iyong cell phone at maging handa na ibigay sa dispatser and eksaktong address

PAGTEXT SA 911:

Ang pag-text sa 911 ay ang kakayahang magpadala ng text na mensahe upang maabot ang tagakuha ng tawag ng 911 emerhensiya mula sa iyong mobile na telepono o aparato. Gayunpaman, dahil ang pag-text sa 911 ay kasalukuyang magagamit lamang sa ibang

PAGTAWAG SA 911

lokasyon, palaging tumawag upang makipag-ugnay sa 911 sa panahon ng emerhensiya hangga't maaari. Tumawag kung kaya mo. Mag-text kung hindi mo kaya.

Kapag tatawag sa 911, ang oras ay mahalaga. Manatiling kalmado; magsalita ng marahan at malinaw. Ang 911 Dispatser ay kinakailangang makakuha ng tamang impormasyon sa unang pagkakataon na hiningi nila ito.

MAG-ISIP NG MABILIS

Sa panahon ng emerhensiya, ang mabilis na pag-iisip ay kinakailangan para mabuhay. Sa panahon ng krisis, ang indibidwal ay kinakailangan na mag-isip ng mabilis upang matukoy ang pinakamahusay na paraan ng pakilos. Kasama sa mga pagpipilian na ito ang:

- Umalis sa kampus,
- magtago,
- pagpapatupad ng Magkandado/Barikada, ***o***
- labanan ang sumasalakay sa pinakamatinding sitwasyon.

Ang pag-unawa at pagsasanay sa mga pagpipiliang ito ay makakatulong sa isang indibidwal na tumugon ng tiyak at sa paggawa nito, pinakamahusay na masisiguro ang kaligtasan ng saili at buhay ng iba.

Sa kaganapan ng isang Marahas na Manloloob sa kampus, asahan na makakarinig ng ingay mula sa mga alarma, putok ng baril, pagsabog at sigawan. Hindi bihira sa mga taong nakakaranas ng isang mapanganib na sitwasyon na unang ikaila o pag-isipan ang posibleng panganib sa halip na tumugon. Ang kalidad na pagsasanay ay makakatulong sa mga indibidwal na mag-isip ng malinaw at ng mabilis sa gitna ng magulong eksena. Kasama dapat sa wastong pagsasanay ang pagtulong sa mga kawani na makilala ang tunog ng panganib. Sanayin ang mga kawani at mag-aaral na kumilos ng walang alinlangan at manatiling handa sa pagbabago na may "mag-isip ng mabilis" na pakikitungo.

TUMINGIN, MAKINIG AT UMALIS: ALARMA NG SUNOG

Ang **TUMINGIN, MAKINIG, AT UMALIS** na protokol ay isang importanteng aksyon na i-praktis kapag sinasanay ang “mag-isip ng mabilis” na kaisipan. Sa tunog ng alarma ang mga kawani at iba pang mga pinuno ay dapat na maglaan ng ilang sandal upang masuri ang pinangyarihan bago lumisan. Ang tatlong hakbang ng **TUMINGIN, MAKINIG, AT UMALIS** ay:

- **TUMINGIN** - Buksan ang pintuan ng silid aralan at tumingin sa labas. May nakikita ka bang usok o apoy? Ang daan ba sa iyong napag-planu-hang lugar ng paglikas ay walang harang? May napapansin ka ba na labas sa karaniwan?
- **MAKINIG** - Bilang karagdagan sa alarma, may iba pa bang tunog? May naririnig ka bang kahit na anong pahiwatig na hindi ligtas umalis sa silid (pagsabog, mga nasisindak na tinig, pagdiskarga ng sandata)?
- **UMALIS** - Kapag napagpasyahan na ligtas itong gawin, idirekta ang mga mag-aaral na umalis sa silid at tumungo sa natukoy na lugar ng paglikas.

AGARANG AKSYON NG PAGTUGON: ANG MAHALAGANG LIMA

Ang Mahalagang Lima ay isang hanay ng **IMMEDIATE ACTION RESPONSES** na nilayon na maipatupad ng mabilis sa iba't ibang uri ng emerhensiya. Kapag naganap ang isang emerhensiya, kritikal na ang mga kawani ay gumawa ng *agarang* shakabang upang maprotektahan ang kanilang *sarili*, kanilang mga *mag-aaral*, at *ibang* tao sa kampus.

Ang mga kawani ay dapat na maging pamilyar sa bawat Agarang Aksyon ng Pagtugon at maging handa na isagawa ang mga nakatalagang responsibilidad. Lahat ng mag-aaral ay dapat din na maturuan kung papaano ipatupad ang bawat isang protokol ng Mahalagang Lima.

AGARANG AKSYON NG PAGTUGON: ANG MAHALAGANG LIMA

AKSYON SA MAHALAGANG LIMA	KAILAN	BAKIT
SUMILONG SA LOOB	Mga panganib sa kapaligiran, mapanganib na kalidad ng hangin dahil sa usok o iba pang mga kontaminante, sunog sa labas ng lugar, mapanganib na hayop sa lugar, o malubhang panahon.	Ihiwalay ang mga mag-aaral at kawani sa panlabas na elemento. Pumasok sa loob. Kung ang panganib ay nasa hangin, isara ang mga pintuan, bintana, at singawan ng hangin. Patayin ang mga air conditioning/heating units.
DUMAPA, MAGTAKIP AT KUMAPIT	Lindol, pagsabog o pagbagsak ng mga kagamitan.	Protektahan ang mga mag-aaral at mga kawani sa mga bumabagsak na kagamitan, dumapa, magtago sa ilalim ng mabigat na kasangkapan at kumapit ng mahigpit.
ISIGURO ANG KAMPUS	Potensyal na banta ng karahasan sa bayan at/o aktibidad ng pulisya sa labas ngunit malapit sa kampus.	Papasukin lahat ng kawani/mag-aaral sa loob. Isara at i-kandado lahat ng pintuan ng silid at opisina. Ipagpatuloy ang nakaplanong pagtuturo. Manatili sa loob hangga't walang patnubay.
MAGKANDADO/ BARIKADA	Marahas na manloloob sa kampus.	Pumasok sa loob, magkandado at i-barikada lahat ng pintuan. Takpan ang mga bintana at patayin ang mga ilaw. Manatiling tahimik at alerto. Walang sinuman ang maaaring pumasok o lumabas sa kahit na anong dahilan maliban kung direkta ng nagpapatupad ng batas.
PAGLIKAS	Banta ng bomba, pagtagas ng kemikal/ gas, sunog sa loob ng gusali o kalapit na lugar, malalang panahon, pagkatapos ng lindol o pagsabog, o kung nagpapatupad ng Pagpapauwi ng mga Mag-aaral at Pagsama-sama.	Pamunuan ang mga mag-aaral at kawani ng paaralan mula sa gusali ng paaralan patungo sa napag-planuhang lokasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa espisipikong panganib, tingnan ang *Mapagkukunang Gabay ng Pangangasiwa ng Emerhensiya*.

SUMILONG SA LOOB

SUMILONG SA LOOB ay isang panandaliang panukala na ipinapatupad upang ihiwalay ang mga mag-aaral at kawani sa panlabas na elemento at maiwasan ang pagtambad sa mga mga kontaminante sa hangin o pagbabanta sanhi ng mga hayop o iba pang panganib. Maaaring kasama sa pamamaraan na ito ang pagsara at pag-selyo ng mga pintuan, bintana, at singawan; pagsara ng silid-aralan/ heating sa gusali, bentilasyon at air conditioning systems upang maiwasan ang pagtambad sa hangin sa labas; at patayin ang pilot lights.

SUMILONG SA LOOB ay itinuturing na angkop para sa, ngunit hindi limitado, para sa mga sumusunod ng uri ng emerhensiya:

- Pagtagas ng kemikal
- Sunog sa komunidad
- Natapon na delikadong materyal
- Nakasasama sa kalusugan na kalidad ng hangin sa labas
- Mapanganib na hayop sa o malapit sa kampus

Ang Sumilong sa Loob na pagtugon ay maaaring kailanganin na patayin ang HVAC systems upang magbigay ng proteksyon mula sa hangin sa labas. Ang mga mag-aaral at mga kawani ay maaaring gumalaw sa loob ng gusali, subalit walang dapat umalis sa protektadong espasyo hanggang hindi sinasabi ng mga opisyal ng sunog, nagpapatupad ng batas o tagapangasiwa ng lugar.

SUMILONG SA LOOB:

- Kailangan na maunawaan na ang lahat ng heating, air conditioning, at bentilasyon ay maaaring kailanganin patayin kaagad
- Kailangan na maunawaan na ang lahat ng pilot lights at mapagkukunan ng apoy ay kailangan patayin
- Kailangan na maunawaan na lahat ng puwang sa pinto at bintana ay maaaring kailanganin na takpan
- Maaaring gumalaw sa loob ng mga silid-aralan at opisina

DUMAPA, MAGTAKIP, AT KUMAPIT

DUMAPA, MAGTAKIP AT KUMAPIT ay ang agarang aksyon sa ganap ng lindol o pagsabog at pag-protekta sa mga mag-aaral at mga kawani sa mga lumilipad at nahuhulog na mga bagay. Ito ang angkop na aksyon, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na uri ng emerhensiya:

- Lindol
- Pagsabog

Sa kagananapan ng pagsabog, lindol o iba pang sanhi ng pagbagsak ng mga bagay bagay, agarang "DUMAPA, MAGTAKIP, at KUMAPIT."Ang mga mag-aaral at mga kawani ay dapat na dumapa sa sahig, magtago sa ilalim ng mesa at takpan ang ulo gamit ang bisig at kamay, at kumapit sa kasangkapan. Tumalikod sa mga bintana at lumayo sa mga babasagin. Ang mga indibidwal na naka wheelchair ay maaaring isiguro sa tabi ng pader at isiguro ang mga gulong. Protektahan ang ulo sa pamamagitan ng pagtakip gamit ang braso kung maaari.

DUMAPA, MAGTAKIP, AT KUMAPIT:

- Kailangan sanayin para sa agaran at awtomatikong pagtugon
- Ang nag-iisang pinaka-nakakatulong na aksyon upang maprotektahan mula sa pinsala ng lindol
- Sa kaganapan na imposibleng magtago sa ilalim ng matibay na kasangkapan, patuloy na takpan ang mukha at ulo gamit ang bisig at kumapit sa kahit na anong matibay
- Kailangan na malaman na ang karamihan ng pinsala sa lindol ay sanhi ng pagkabasag o pagbagsak ng mga bagay
- Kailangan na malaman na ang alarma ng sunog at sistema ng patubigan ay maaaring gumana, kahit na walang sunog
- Kailang na maging alerto sa susunod na pagyanig
- Kailangan na tulungan ng mga kawani at mga mag-aaral ang mga may espesyal na pangangailangan para masiguradong ligtas ang lahat
- Lumikas lamang kung may pinsala ang gusali, nasusunog ang gusali o ang lokasyon ay nasa pook ng sunami

ISIGURO ANG KAMPUS

ISIGURO ANG KAMPUS ay ipinapatupad kung ang banta ng karahasan o pagkilos ng pulisya sa komunidad ay nangangailangan ng maingat na hakbang upang masiguro ang kaligtasan ng mga kawani at mag-aaral. Kapag nasa **ISIGURO ANG KAMPUS** na estado, maaaring ipagpatuloy ang pagtuturo o mga aktibidad hangga't naka-kandado ang pintuan ng mga silid aralan at opisina at lahat ng mag-aaral at kawani ay mananatili sa loob *sa buong hangganan ng kaganapan*. Ang mga gate at iba pang pasukan/o labasan ay maaaring isara (**HINDI NAKA-KANDADO**) upang mahadlangan ang potensyal na salarin na pumasok sa paaralan.

Ang tugon na ito ay itinuturing na angkop para sa, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na uri ng emerhensiya:

- Potential threat of violence in the surrounding community
- Law enforcement activity in the surrounding community

A **ISIGURO ANG KAMPUS** response may be elevated to **MAGKANDADO / BARIKADA** as circumstances demand in which case instruction immediately ceases and students and staff follow **MAGKANDADO / BARIKADA** procedures.

Sa Isiguro ang Kampus pinapayagan nito na ipagpatuloy ang pagtuturo habang ang paaralan ay nagsasagawa ng pag-iingat na aksyon sakaling may banta sa kapitbahayan sa paligid ng paaralan. Ikandado lahat ng pintuan ng silid-aralan/opisina, isara lahat ng pasukan at labasan ng buong paaralan, at ipagpatuloy ang pagtuturo.

ISIGURO ANG KAMPUS:

- Inilaan para maiwasan ang potensyal na banta sa komunidad na pumasok sa kampus
- Itinataas ang kaligtasan sa paaralan habang pinararangalan ang oras ng pagtuturo
- Kinakailangan na lahat ng silid aralan sa labas / pinto ng mga opisina ay naka-kandado at manatiling naka-kandado
- Magsuot ng pantakip sa mukha ayon sa patakaran ng paaralan habang nananatiling naka-lock sa silid-aralan
- Inilaan upang mahadlangan ang masamang loob na pumasok sa lugar na matao sa gusali
- Kailangan na manatili ang mga mag-aaral at mga kawani sa **ISIGURO ANG KAMPUS** na estado hanggang ang **ALL CLEAR** ay na-isyu ng Kumander ng Insidente sa Paaralan

MAGKANDADO / BARIKADA

MAGKANDADO / BARIKADA ay ipinapatupad kung ang banta ng karahasan o putok ng baril ay natukoy sa kampus o ang paaralan ay sinabihan ng nagpapatupad ng batas. Sa oras ng **MAGKANDADO / BARIKADA**, ang mga mag-aaral ay dapat na manatili sa loob ng mga itinalangang silid-aralan o naka-kandado ang mga lokasyon sa lahat ng oras. Huwag lumikas ng silid hanggang ang silid ay nai-clear ng nagpapatupad ng batas o administrador ng lugar. Ang tugon na ito ay itinuturing na angkop para sa, ngunit hindi limitado para sa mga sumusunod na uri ng emerhensiya:

- Barilan
- Banta ng matinding karahasan sa labas ng silid-aralan

Sa panahon ng **MAGKANDADO / BARIKADA**, tandan na ang agarang kaligtasan mula sa marahas na manloloob ay ang prayoridad at gagabayan ang lahat ng mga aksyon, higit sa lahat ng iba pang mga alalahanin, kabilang ang pamamaraan ng kaligtasan sa COVID-19.

Sa Magkandado/Barikada kinakailangan na isara at ikandado ang mga pintuan at barikadahan ito ng mabibigat na bagay. Walang sinuman ang maaaring pumasok o lumabas hangga't isa-isang nasuri ang mga silid ng nagpapatupad ng batas o Kumander ng Insidente ng Paaralan na magbubukas ng pintuan mula sa labas gamit ang mga susi.

MAGKANDADO / BARIKADA:

- Ito ang pagtugon sa agarang panganib; wala itong anumang babala
- Nangangailangan ng mabilis na aksyon; ang taong namamaril, halimbawa, ay maaring magpaputok ng isang round bawat segundo
- Kailangan gamitin ang sentido komun sa ilalim ng banta; gawin ang dapat gawin upang pinakamahusay na masiguro ang kaligtasan ng mga mag-aaral at kawani
- Kung possible na ligtas na makalabas ng kampus kasama ang mga mag-aaral, gawin ito kaagad (Tumakbo)
- Kung hindi posible na makalabas ng kampus, agarang magkandado sa loob ng ligtas na silid at i-barikada ang pasukan (Magtago)
- Kapag na-isiguro ang na ang silid, walang sinuman ang maaaring pumasok o lumabas sa kahit na anong pangyayari
- Unahin ang malinaw na komunikasyon. Alisin ang takip sa mukha kung kinakailangan.

MAGKANDADO / BARIKADA

- Sa matinding pagkakataon na ang Marahas na Manloloob ay nakapasok sa silid, ang mga tao sa loob ay dapat na handa na lumaban (Lumaban)

MAGKANDADO / BARIKADA

MAG-ISIP NG MABILIS

Sa kaganapan na may Marahas na Manloloob sa kampus, ang mabilis na pag-iisip ay kinakailangan para mabuhay. Lalo na kung mayroong aktibong banta ng karahasan, ang indibidwal ay dapat na mag-isip ng mabilis upang makapagdesisyon ng pinakamahusay na aksyon.

Sa kaganapan na may Marahas na Manloloob sa kampus, asahang makakarinig ng ingay galing sa alarma, putok ng baril, pagsabog, at pagsigaw. Hindi bihira sa mga tao na nakakaranas ng banta na ikaila ang banta sa halip na tumugon. Ang kalidad na pagsasanay ay makakatulong sa indibidwal na mag-isip ng malinaw sa gitna ng kaguluhan. Kasama dapat sa wastong pagsasanay ang pagtulong sa mga kawani na makilala ang tunog ng panganib at turuan sila na makipag-usap ng may dahas at gawin ang kinakailangan na aksyon.

Maaaring kasama ang mga pagkilos na ito:

TUMAKAS / UMALIS SA KAMPUS:

- Subukan lamang ito kung nakatitiyak ka na wala sa paligid ang (mga) suspek
- Maingat na umalis sa kampus; maghanap ng posisyon para magtago o ligtas na lugar para sa pagpupulong
- Gabayan/atasan ang iba na iyong maktagapo na sundan ka sa ligtas na lugar
- Agarang tumawag ng 911 upang i-report ang iyong lokasyon at humingi ng serbisyong pang-emerhensiya kung kinakailangan
- Kapaga nasa ligtas na lugar – manatili doon

MAGATAGO / MAGKANDADO / BARIKADA:

- Umalis sa pasilyo; papasukin agad ang mga mag-aaral at kawani
- Kapag naka-kandado at naka-barikada sa loob ng silid, sundin ang protokol ng Magkandado/Barikada tulad ng pinagsanayan
- Idirekta ang lahat ng nasa silid na manatili at tumahimik; patayin/i-silent ang mga cellphone
- Kung hindi makahanap ng mapagtataguan sa loob ng ligtas na silid, mabilis na maghanap ng mapagtataguan sa kampus

MAGKANDADO / BARIKADA

MAG-ISIP NG MABILIS *(pagpapatuloy)*

LUMABAN:

- Kung nahaharap sa sumasalakay, bilang huling paraan, isaalang-alang na subukang gambalain o ipagpawalang-kilos sa pamamagitan ng puwersa o paggamit ng mga kagamitan sa paligid tulad ng pang-apula ng apoy o silya
- May mga naka-dokumentong pagkakataon kung saan ang agresibong aksyon ng biktima ay nagresulta sa pagtigil sa umaatake
- Ang pakikipaglaban ay HINDI inaasahan, isa lamang itong opsyon para sa huling paraan ng pagtugon

TUMINGIN, MAKINIG, AT UMALIS: ALARMA NG SUNOG

Kung ang alarma sa lugar ay nakalabitan sa oras ng Magkandado/Barikada, palaging tumugon ng may pag-iingat at **TUMINGIN** at **MAKINIG** sa hindi pangkaraniwan o marahas na aktibidad bago simulan ang paglikas **UMALIS**.

- **TUMINGIN** - Buksan ang pintuan ng silid at tumingin sa labas. May nakikita ba na usok o apoy? Ang daan ba sa iyong napag-planuhang lugar ng paglikas ay walang hadlang? May napansin ka ba na labas sa ordinaryo?
- **MAKINIG** - Bilang karagdagan sa alarma, may iba pa bang mga tunog? May naririnig ka bang anumang nagpapahiwatig na hindi ligtas umalis sa silid (mga pagsabog, mga nasisindak na boses, pag-diskarga ng sandata)?
- **UMALIS** - pagkatapos lamang matukoy na ligtas itong gawin, i-direkta ang mga mag-aaral na lumabas ng silid at tumungo sa natukoy na lugar ng paglikas

PAGLIKAS

Ang **PAGLIKAS** ay ipinapatupad kapag ang kundisyon ay hindi na ligtas manatili sa gusali. Ang aksyon na ito ay nagbibigay ng maayos na pagkilos ng mga mag-aaral at kawani sa ipinayong ruta mula sa loob ng gusali ng paaralan patungo sa isang itinalagang ligtas na lugar sa labas.

Ang **PAGLIKAS** ay itinuturing na angkop para sa, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na uri ng mga emerhensiya:

- Banta ng bomba
- Aksidente na kemikal
- Pagsabog o banta ng pagsabog
- Sunog
- Lindol

Sa kaganapan ng pagsabog, lindol, o iba pang kaganapan na sanhi ng pagbagsak ng mga bagay, **PAGLIKAS** ay pangungunahan ng **"DUMAPA, MAGTAKIP, at KUMAPIT"** na protokol.

Ang mga mag-aaral at mga kawani ay dapat na dumapa sa sahig, magtago sa ilalim ng lamesa, takpan ang ulo ng braso at kamay, at kumapit sa kasangkapan.

MAG-ISIP NG MABILIS:
TUMINGIN, MAKINIG, AT UMALIS – ALARMA NG SUNOG

Bago lumikas, maglaan ng sandali upang tumingin sa labas ng pintuan para sa anumang mga potensyal na panganib. Makinig sa anumang hindi pangkaraniwan na maaaring magdulot ng panganib. Kapag natukoy na ang landas ay ligtas, lumikas sa opisina o silid-aralan papunta sa itinalagang ligtas na lugar.

PAGLIKAS:

- Kailangan na lumabas mula sa gusali patungo sa isang itinalagang ligtas na lugar, sa kampus o lugar sa labas
- Maaaring kailanganin ng mga mag-aaral at kawani na umasa sa bus ng distrito para sa kanilang transportasyon
- Maaaring kailanganin ng mga kawani na lumabas gamit ang alternatibo-ng ruta base sa pangyayari
- Kailangan na manatili ang mga mag-aaral sa mga nakatalagang guro maliban kung hindi ito maaari
- Kailangan na tulungan ng mga kawani at mga mag-aaral ang mga may espesyal na pangangailangan upang matiyak ang ligtas na paglabas ng lahat

PAGLIKAS

RUTA NG PAGLIKAS:

Mag-ingat sa pagpili ng isang itinalagang lugar ng paglikas. Isaalang-alang kung walang sagabal sa ruta patungo sa lugar mula sa lahat ng bahagi ng kampus, at kung ito ay may sapat na layo kung sakaling may sunog o pagtagas ng gas, ngunit sapat ang lapit na pwedeng lakarin. Isaalang-alang din ang pagkakaroon ng maraming nakatalagang lugar ng paglikas kung sakali na ang isa ay mahadlangan o hindi ligtas sa oras ng emerhensiya. Tiyakin na mayroong isang malinaw, walang hadlang na daan sa kampus para sa mga sasakyang pang-emerhensiya. Siguraduhin na kasama ang paglikas sa (mga) itinalagang lugar bilang bahagi ng mga drils at pagsasanay.

PAANO TULUNGAN ANG MGA MAY KAPANSANAN SA ORAS NG PAGLIKAS:

Ang mga pangangailangan at kagustuhan ng mga hindi nakakalakad na indibidwal ay magkakaiba. Ang mga nasa unang palapag na lokasyon ay maaaring makalabas nang walang tulong. May iba na may kaunting kakayahan na gumalaw, ngunit mapanganib na buhatin sila. Ang ilang hindi nakakalakad ay mayroon ding komplikasyon sa paghinga. Subaybayan ang kanilang maingat na paglikas mula sa usok o singaw kung may agarang panganib.

PAG-ALERTO SA MGA MAY KAPANSANAN SA PANINGIN::

- Ipahayag ang uri ng emerhensiya
- I-alok ang braso pang gabay
- Sabihin sa kanya kung saan ka pupunta, mga hadlang na hinaharap mo
- Kung nakarating ka na sa ligtas na lugar, tanungin kung kinakailangan ng karagdagang tulong

PAG-ALERTO SA INDIBIDWAL NA LIMITADO ANG PANDINIG:

- I-bukas sara ang ilaw para makuha ang kanyang atensyon *o*
- Ipahiwatig ang direksyon sa pamamagitan ng pagkumpas *o*
- Sumulat ng tala na may direksyon ng paglikas

PAGLIKAS NG MGA INDIBIDWAL GAMIT ANG MGA SAKLAY, BASTON O WALKER:

- Ilikas ang mga indibidwal na ito bilang isa sa mga nasugatan
- Alalayan at Samahan sa lugar ng paglikas, kung posible, *o*
- Gumamit ng matibay na upuan (o isa na may gulong) upang ilipat ang tao, *o*
- Tumulong na buhatin ang indibidwal sa ligtas na lugar

PAGLIKAS

PAGLIKAS NG MGA INDIBIDWAL NA GUMAGAMIT NG WHEELCHAIR:

- Bigyang prayoridad na tulong ang mga gumagamit ng wheelchair na may de kuryenteng respirador
- Karamihan ng wheelchair ay masyadong mabigat para maibaba; kumunsulta sa apektadong indibidwal upang matukoy ang pinakamahusay na paraan ng pagbuhat
- Ibalik sa may-ari ang wheelchair sa sandaling ligtas itong gawin